**Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Anchorage**

**632 West 6th Avenue, Suite 110**
**Anchorage, Alaska 99501**

**Nakahandang Linya ng Reklamong Diskriminasyon**
**(907) 343-4343**

**Para sa bingi at Mahina ang Pandinig na mga Tao**
**Idayal ang 711 para sa Alaska Relay Service**


**Fax: (907) 249-7328**
**E-mail: AERC@muni.org**
**www.muni.org/aerc**
**:Anchorage Equal Rights Commission (Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Anchorage)"**

## Kasaysayan

Ang Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Komisyon sa mga ay pinamamahalaan ng siyam na miyembro ng komisyon na hinihirang ng Alkalde at kinukumpirma ng Asembleya ng Anchorage.

Ang Komisyon ay itinatag sa Karta ng Amchorage noong 1975 bilang Munisipal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas na may tungkuling pigilan at alisin ang labag sa batas na diskriminasyon sa ilalim ng Titulo 5 ng Kodigong Munisipal sa loob ng mga heyograpikong hangganan ng Munisipalidad.

# Proseso ng Reklamo ng AERC




Ang polyetong ito ay ipinagkakaloob ng Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Anchorage. Para sa mga karagdagang kopya at ibang mga publikasyon, mangyaring kontakin ang aming opisina sa 343-4342 o tingnan online sa www.muni.org/aerc.

AERC

# Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Anchorage

**Nakahandang Linya ng Reklamong Diskriminasyon**
**(907) 343-4343**
**LIBRE at KOMPIDENSIYAL NA MGA SERBISYO**
**MAY MAKUKUHANG MGA TAGASALIN NG WIKA**
**TINATANGGAP ANG MGA WALANG PAKIKIPAGTIPAN**

www.muni.org/aerc
AERC 632 W. 6th Ave. Ste 110
Anchorage, AK 99501

# Ang Tungkulin ng AERC



**Ang Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Anchorage** at ang mga tauhan nito ay nagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng walang-pinapanigang pag-iimbistiga at paglutas ng mga reklamong nagpaparatang ng labag sa batas na diskriminasyon o pangugulo na batay sa:

- *Lahi*
- *Relihiyon*
- *Bansang Pinagmulan*
- *Kulay*
- *Kasarian*
- *Kinikilalang Kasarian*
- *Sekswal na Oryentasyon*
- *Pagbubuntis*
- *Magulang*
- *Kapansanan ng Katawan*
- *Kapansanan ng Isipan*
- *Katayuang Marital*
- *Edad*
- *Pagganti*

**Ang Diskriminasyon ay labag sa batas sa:**

- Pagtatrabaho
- Pabahay
- Mga Pampublikong Kaluwagan
- Mga Gawain ng Munisipalidad
- Mga Institusyong Pang-edukasyon
- Mga Institusyong Pinansiyal

Lahat ng entidad na nagnenegosyo sa loob ng mga hangganan ng Munisipalidad ng Anchorage (mula sa Girdwood hanggang Eklutna) ay sumasailalim sa batas na ito.

# Ang Aming mga Serbisyo Ay Libre!



## Pag-aalis ng Diskriminasyon sa Pamamagitan ng Pagpapatupad at Edukasyon

## Paano makakatulong sa Iyo ang Komisyon sa mga Pantay na Karapatan ng Anchorage?

Kung nadarama mo na ikaw ay tinatrato nang naiiba, tawagan ang aming opisina at ang isang tauhan ay makikinig sa iyong mga inaalala at papayuhan ka tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad.

**Numero ng Opisina ng AERC: (907) 343-4342**

## Ang Diskriminasyon ay Labag sa Batas!

**Paano ako dapat magsama ng isang reklamo?**

Ang isang reklamo ay maaaring simulan sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa aming opisina. Ang mga tauhan ng AERC ay tutulong sa iyo sa paghahanda ng isang reklamo pagkatapos pakinggan ang iyong mga inaalala.

**Ano ang mangyayari pagkatapos kong magsampa ng isang reklamo?**

(Tingnan ang "Proseso ng Reklamo ng AERC" sa likod)

Sa karamihan ng mga kaso, ang isang pulong ay itinatakda upang pakinggan ang parehong panig ng istorya at upang magkaroon ng pagkakasundo. Kung hindi makabuo ng pagkakasundo, ang imbestigasyon ay magpapatuloy hanggang magawa ang isang pagpapasiya.